DepEd Advisory No. 348, s. 2016
December 14, 2016
In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
this advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

KUMPERENSIYA SA SAMPAKSAAN SA K'WENTONG-BAYAN NG OPISINA NG PAGPAPASIMUNO SA KULTURA AT MGA SINING UNIBERSIDAD NG PILIPINAS–DILIMAN

Ang Opisina ng Tsanselor ng Unibersidad ng Pilipinas–Diliman (UP–Diliman), sa pamamagitan ng Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining at sa pakikipagtulungan ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, ay magsasagawa ng *Kumperensiya sa Sampaksaan sa K'wentong-Bayan* na may temang *Salaysayan: K'wentong-Bayan, Kaalamang-Bayan* sa ika-23 ng Pebrero 2017 na gaganapin sa Awditoryum ng *National Institute for Science and Mathematics Education Development (NISMED)*, UP-Diliman, Lungsod ng Quezon.

Ang Kumperensiya ay ang pangunahing komponent ng pagdiriwang ng *Buwang ng UP–Diliman 2017*.

Ang layunin ng Kumperensiya ay ang mga sumusunod:

1. Mailahad ang kasaysayan at kabuluhan ng mga k'wentong-bayan at kaugnayan ng mga ito sa pagbuo ng pambansang kamalayan;
2. Makalikha ng dalumat hinggil sa mga k'wentong-bayan at mito gamit ang mga balangkas at/o modelong interdisiplinaryo; at
3. Ipakita ang mga pinakabagong pananaliksik hinggil sa k'wentong-bayan bilang isang lehitimong larangan.

Ang mga iskolar, mga mag-aaral, at mga guro mula sa pampubliko at pribadong paaralan, mga mananaliksik ng mga k'wentong-bayan, at iba pang mga interesadong indibidwal ay inaanyayahang lumahok sa gawaing ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat *na Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan alin man sa mga sumusunod:

Dr. Grace H. Aguiling-Dalisay
Dekano
Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya
Unibersidad ng Pilipinas–Diliman, Quezon City
Telephone: (02) 981-8500 loc. 2429
Email: tanggapanngdekano@kssp.upd.edu.ph
Website: http://web.kssp.upd.edu.ph

Dr. Sir Anril P. Tiatco
Tagapamahalang Opisyal
Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining
Unibersidad ng Pilipinas–Diliman, Quezon City
Telephone: (02) 981-8500 loc. 2659; 2660
Email: oica@upd.edu.ph
Website: http://www.oica.upd.edu.ph

Lem: DA_Sampaksaan sa K'wentong-Bayan
0903-Dec 07 2016